Taon XXXIV Blg. 10 Hunyo 21, 2003 www.philippinerevolution.org

## Arroyo, kandidato ng imperyalismong US sa eleksyong 2004

arami nang parami ang palatandaang naghahanda na si Gloria Macapagal-Arroyo na tumakbo sa halalan sa 2004. Nagmamadali ngayon ang kanyang mga tauhan sa Malakanyang at mga kaalyadong pulitiko sa paghahanda sa posibleng pagkandidato niya sa pagkapresidente. Lalong lumalaki ang posibilidad nito laluna ngayong nauubos na ang panahon bago ang eleksyon para maihabol ang mga pagbabago sa konstitusyon na siyang pangunahing inaasahan sana ni Arroyo para makapanatili pa sa poder.

Pinalilitaw ng Malakanyang na may lumalakas na kahilingan para magpatuloy si Arroyo bilang presidente. Tuwirang kinokoordina ng asawa niyang si Mike Arroyo ang iba't ibang mga kampanya at pakana para sa kanyang pagtakbo. Isa na rito ang pagpapapirma ng petisyong tumakbo si Arroyo. Ginagamit niya ang makinarya at pondo ng Malakanyang upang makuha ang suporta ng mga pulitiko at lokal na upisyal at mapakilos sila sa kampanya.

Maging ang negatibong pagtaya sa ekonomya ng isang dayong ahensya (ang Fitch Ratings ng UK) ay pinalalabas nasa pangambang hindi magpatuloy ang mga patakarang pang-ekonomya kung hindi tumakbo si Arroyo.

Kabilang din sa mga pakana ng kanyang mga propagandista ang labis na pagpapalaki sa umano'y pagpabor ng mga pinuno ng iba't ibang bansa at ng malalaking komprador na magpatulov bilang presidente si Arroyo. Ipinagmamayabang din ng Malakanyang na magandang bagay ang magarbong

pagsalubong ni US President George W. Bush sa pagdalaw ni Arroyo sa White House noong Mayo, ang pagturing ng US sa Pilipinas bilang "mayor na



eendorso ni Bush sa pagkandidato ni Arroyo sa darating na eleksyon.

Malinaw na para sa rehimen, ang pinakamalaking salik para sa pagkandidato ni Arrovo sa darating na eleksyon ay ang pinalalaking pag-endorso sa kanya ni Bush.

Sadyang paborable para sa imperyalismong US na manatili sa poder si Arroyo. Ang ipinamamalas ni Arroyo na lantaran at walang patumanggang

Mga tampok sa isyung ito...

Mahahalagang aral sa rebolusyonaryong agraryo sa Samar

PAHINA 4

Bihaq na sarhento, pinalaya ng BHB

PAHINA 8

Paglaban sa US sa Irag at Afghanistan

PAHINA 11

militarismo ay umaayon sa ultra-Kanang mga patakaran ng militaristang gubyernong Bush. Titiyakin ni Arroyo ang tuluy-tuloy na pagpapaigting ng armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas hanggang sa puntong maging kalakaran na ang tuwirang paglahok ng mga armadong tropang Amerikano sa gera sibil sa bansa.

Ang pananatili ni Arroyo sa poder ay paborable laluna para sa pagpapalakas ng presensyang militar ng US sa rehiyon. Maaasahan ng US na bibigyang-daan ni Arroyo ang pagtatayo nito sa Pilipinas ng mga "forward military base" na gagamitin nitong lunsaran para sa mabilisang pagpapakat ng mga tropa sa rehiyon.

Sa pamamagitan ni Arroyo, tuluy-tuloy na maipatutupad ang mga patakarang pang-ekonomyang idinidikta ng imperyalismong US. Pinatunayan na niya ang kanyang di nahahangganang pagsamba sa "globalisasyon" at neoliberalismo. Handang-handa si Arroyo na lubusang baklasin ang mga hangganan ng patrimonya ng pambansang ekonomya at pahintulutan ang pagbabalik ng mga kolonyal na

karapatan sa dayuhang malalaking kapitalista.

Ang pagbibigay ng gubyernong Bush ng suporta kay Arroyo ay suhol sa kanyang todo-buhos na pandaigpagsuporta sa digang "gera kontraterorismo" ng US, at sa partikular, sa pananalakay nito sa Afghanistan at Irag. Nakatitiyak ang US na susuportahan ni Arroyo ang iba pang pinaplano nitong armadong panghihimasok kabilang ang posibleng pagsalakay sa Iran.

Sa pagpapanatili ng kanilang neokolonyal na kapangyarihan sa Pilipinas, mahalaga para sa US na sinumang maging presidente ay magiging tapat nitong papet. Ang presidente ng neokolonyal na republika ang pangunahing nagpapatupad sa bansa ng mga patakaran ng imperyalismong US.

Sa kasaysayan ng eleksyon sa Pilipinas, laging minamanok ng US ang kandidatong ipinagpapalagay na pinakaepektibong makapagsisilbi sa interes nito. Gayunman, hindi nagsasara ng pinto ang US sa iba pang mga kandidatong paborable para sa mga interes nito. Sa katunayan, nagkakaisa ang lahat ng mga reaksyunaryong partidong pulitikal sa mga pundamental na patakaran kaugnay ng

> relasyong papet-amo sa pagitan ng neokolonyal na republika at ng imperyalistang US.

Bagamat pabor sa US na manatili sa poder si Arroyo, inihahanda pa rin nito bilang reserbang kabayo si Gen. Angelo Reyes, kasalukuyang kalihim sa depensa. Si Reyes, na tuwirang kumukuha ng mga atas mula sa

Pentagon, ay kasalukuyang nagsisilbing "handler" ni Arroyo. Si Reyes din ang pangunahing upisyal sa gubyerno ni Arroyo na nagtutulak ng militarismo ng rehimen sa pagharap sa rebolusyonaryong kilusan.

Napakalaking pahirap at pinsala ang idinudulot sa mamamayang Pilipino ng militarismo at sukdulang pangangayupapa ng reaksyunaryong rehimeng Arroyo sa imperyalismong US. Kaya naman hiwalay na hiwalay na ito sa mamamayan. Hirap na hirap na makakuha si Arroyo ng tunay na suporta ng mamamayan para sa kanyang pagtakbo sa darating na halalan.

Tiyak na kung magkakabotohan lamang ngayon ay lalampasuhin siya ng iba pang mga kandidato. Upang manalo, kakailanganin ni Arroyo ng napakalaking milagro—malawakang pandaraya, pandarahas at malakihang panghihimasok ng US sa eleksyon.

Kung ipagpipilitan pa rin ni Arroyo na tumakbo sa darating na halalan, mabibigyan ang mamamayang Pilipino ng pagkakataon na pagbayarin siya nang mahal sa lahat ng mabibigat na kasalanan niya sa bayan.

## ANG Bayan

Taon XXXIV Blg. 10 Hunyo 21, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

### **Nilalaman**

#### Editorval Arroyo, kandidato ng US sa 2004 1 Paglilibre sa US sa ICC, kinundena 3 Pakulo sa Mindanao 3 Mga Ulat Koresponsal Tatlong Mahahalagang Aral 4 Pakikibaka sa Isabela at Cagayan 7 Dean Armando Malay 8 Bihaq na sarhento, pinalaya 8 Sa Ibayong Dagat Mga bulaan, nalalantad 10 Paglaban sa US, lumalawak 11 Kasakiman ng G8 sa Africa 12 **Balita** 13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

### Kasunduang ilibre ang US sa pag-uusig sa ICC, kinundena

Pilipinas ang kasunduan ng US at rehimeng Arroyo na huwag iharap ang sinumang mamamayan ng US sa pag-uusig sa International Criminal Court (ICC) o anumang "third country" para sa mga krimen laban sa sangkatauhan. Ang kasunduan, na tinaguriang "Article 98," ay nilagdaan nina Foreign Affairs Secretary Blas Ople at US State Secretary Colin Powell bago pa man tumulak papuntang US si Arroyo noong Mayo.

Sa isang pahayag sa midya nitong Hunyo 3, sinabi ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido, na ang Article 98 ay tiyak na kunektado sa layuning paigtingin at palawakin pa ang saklaw ng interbensyong militar ng US sa bansa. Dahil hindi papanagutin ang mga tropa at operatiba ng US sa kanilang mga krimen, aniya, lalong lalakas ang loob nilang maglunsad ng walang pakundangang agresyon.

Sinabi rin ni Ka Roger na ang Article 98 ay labag sa 1998 Rome Statute na pinirmahan ng Pilipinas noong Disyembre 2000. Ang Rome Statute ay internasyunal na kasunduang pirmado ng 139 na bansa at nagtatag sa ICC. Ang ICC ang inatasang maglitis sa mga krimen tulad ng henosidyo, mga krimen sa digma at krimen kaugnay ng agresyon ng mga dayuhang tropa.

Dating pinirmahan na rin ito ng US subalit umatras ito rito noong Mayo 2002. Mula noon, patuloy nang iniipit ng US ang iba't ibang bansa upang tumiwalag o huwag pumirma rito. Sa ngayon, umaabot na sa 39 na bansa ang napalagda ng US sa Article 98 bunga ng pangangampanya nitong uk-ukin ang bisa ng Rome Statute. Hanggang Hulyo 1 ang ibinigay na taning ng US sa mga bansang pumirma sa Rome Statute na kumalas dito, kundi'y pagkakaitan sila ng US ng ayuda militar.

Sa kaugnay na balita, iginiit ni Vice President Teofisto Guingona kay Foreign Affairs Secretary Blas Ople na dapat ihayag na sa publiko ang buong kasulatan ng Article 98. Ipinahayag niya ang pangamba na sasaklawin nito maging ang mga tropang Amerikanong gumawa ng mga ordinaryong krimen. Sinabi rin niya na ang Article 98 ay isang tratado na dapat talakayin at ipaubaya sa senado at lagpas na sa saklaw ng ehekutibo.

### Pakulo sa Mindanao

### Malakanyang nagpakulo ng panlilinlang sa pagdalaw ni Arroyo

Nagpakana ang Malakanyang ng sarisaring panlilinlang para pagtakpan ang totoong mga pangyayari sa Mindanao at may maibalitang kaigaigaya ang midya kaugnay ng isang linggong dalaw ni Gloria Macapagal-Arroyo doon nitong Hunyo.

Pinakamatingkad rito ang pagpapalabas ng Malakanyang ng gawagawang sulat mula raw kay Hashim Salamat, tserman ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) na nagsasaad na kusa umanong hindi kikilos ang MILF sa dalawang bayan sa Maquindanao (Pagalungan at SK Pendatun) at isang bayan sa North Cotabato (Pikit) upang maging "sona ng kapayapaan" ang naturang mga lugar. Binasa ang sulat nang pumunta si Gloria Macapagal-Arroyo sa Pagalungan, Maguindanao.

Subalit sa isang panayam sa radyo, mariing itinanggi ni Mohagher Igbal,

chief information officer ng MILF, na gumawa ng ganoong sulat si Salamat. Aniya, ito ay bahagi lamang ng taktikang panlilinlang ng Malakanyang.

Ang pagdedeklara ng mga "sona ng kapayapaan" ay dati nang taktika ng reaksyunaryong gubyerno para maling ilarawan na ang anumang karahasan sa isang lugar ay pawang nagmumula sa mga rebolusyonaryong pwersa tulad ng BHB at MILF. Isa itong malaking ipokrisiya dahil habang pinagbabawalang pumasok sa lugar ang mga rebolusyonaryo, libre pa ring pumasok ang AFP para maghasik ng takot at labagin ang mga karapatang-tao ng mamamayan.

Sa kanyang panayam, idineklara ni Iqbal na paiigtingin pa ng MILF ang mga opensiba nito dahil pinag-ibayong operasyong militar ang naging tugon ng



"Pakulo", sundan sa pahina 3

### Tatlong mahahalagang aral

(Pangalawa sa serye ng mga artikulo tungkol sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo


sa Samar.)

Samar, tatlong mahahalagang aral ang nahalaw: 1) sa proseso ng pagsusulong ng antipyudal na pakikibaka nabubuo ang matatag at malalim na baseng masa; 2) kailangang magpakahusay ang Partido sa taktikal na pamumuno nito; at 3) kailangang laging paghandaan ang kontra-atake ng kaaway.

PAGBUBUO NG MATATAG AT MALA-LIM NA BASENG MASA. Bumilis ang pagtaas sa antas ng mga organisasyong masa sa baseng gerilyang ito sa relatibong maikling panahon

bunga ng pag-unlad at pagsigla ng antipyudal na pakikibaka.

Makaraan ang anim na buwan lamang ng rebolusyonaryong pagkilos mula nang unang makaugnay ang mga kasama sa lugar noong huling kwarto ng 1977, sinimulan na ang antas baryong pakikibakang masa. Naisagawa ito sa kalagayang mga grupong pangorganisa ng magsasaka (GPM) pa lamang ang karamihang naitatayo at iilang baryo pa lamang ang natayuan na ng mga komiteng pang-organisa ng magsasaka (KPM). Kabilang sa mga pakikibakang masang ito ang lihim na pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, paglaban sa usura at pagkilos ng mga organisasyong



masa bilang kooperatiba mula sa simpleng *tiklos* (palitan ng paggawa) hanggang sa komunal na produksyon.

Ang mga pakikibakang masang ito ay may malaking naitulong sa konsolidasyon, pagpapalakas at pagpapalawak ng rebolusyonaryong organisasyong masa. Dahil sa mga kongkretong benepisyong nakamit ng masang magsasaka mula sa mga ito (basahin sa nakaraang isyu ng AB, Hunyo 7, 2003), dumami ang nagkusa at naghangad na sumapi sa mga organisasyong masa.

Bago matapos ang 1978, ang pag-oorganisa sa karamihan ng mga baryo ay naitaas na sa antas KPM habang naitatayo na rin ang mga ganap na samahang

#### "Pakulo", mula sa pahina 2

rehimeng Arroyo. Ito ay sa kabila ng pagpapaunlak ng MILF sa kahilingan ng mga tagapagtaguyod ng kapayapaan na magdeklara ng tigil-putukan mula Hunyo 2 hanggang Hunyo 12, na pinalawig pa hanggang Hunyo 22.

Bago dumating si Arroyo ay sapilitang pinaalis ang *internal refugees* mula sa iba't ibang *evacuation center* kahit hindi pa humuhupa ang mga pananalakay ng AFP sa mga lugar na kanilang nilikas. Binigyan naman ng dagdag na pagkain ang mga naiwan bilang pakitang-tao. Agad itong nahinto pag-alis ni Arroyo.

Mismong ang DSWD ay nag-ulat na umaabot na sa 215 ang bilang ng mga sibilyang namamatay sa walang humpay na mga operasyon ng AFP laban sa MILF at mamamayang Moro. Sa mga kaswalting ito, 43 o 20% ay mga batang edad 10 taon pababa na namatay sa tigdas, pulmonya, pagtatae at kakulangan ng tubig sa katawan (dehydration), karamihan sa mga evacuation center.



masa (GSM) sa ilang abanteng baryo. Pagdating ng 1979, antas GSM na ang pag-oorganisa sa karamihan ng baryo. Kasabay ng pag-unlad ng armadong pakikibaka, sabayang sinasaklaw ng antipyudal na kampanya ang maraming baryo. Halos 90% na ng dapat maorganisa ay lumalahok at sumusuporta sa iba't ibang paraan sa mga pakikibakang masa at armadong pakikibaka.

Patuloy din ang pagtaas ng kakayahan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa na sumuporta sa armadong pakikibaka.

Nakapagpalitaw ang antipyudal na pakikibaka ng mga aktibistang masa at rebolusyonaryong masa na napanday sa makauring tunggalian. Sa proseso ng pakikibaka, nakilala ng masa ang kanilang mapagpasyang lakas na ibinunga ng kanilang pagkakaisa at determinasyong pawiin ang pyudal at malapyudal na

pagsasamantala na malaon nang nagbaon sa kanila sa kahirapan at pagkaalipin. Ang noo'y kimi, sunud-sunuran, api at pinagsasamantalahan at watak-watak na masang magsasaka ay bumabangon, nagkakaisa at unti-unting nagiging makapangyarihang lakas laban sa uring panginoong maylupa.

Ang baseng antipyudal sa naturang lugar ay nagsisilbi rin ngayong balwarte ng mga ligal at hayag na mga aksyong masa sa mas malawak na saklaw kabilang na ang mga sentrong bayan.

Ang makasaysayang pagbabangon ng masang magsasaka rito at marami pang katulad na lugar ay may malalim na

kabuluhan hindi lamang sa mga lokalidad kung saan ito nagaganap kundi sa kabuuang pagsulong ng pakikibakang pambansa.

PAGPAPAKAHUSAY SA TAKTIKAL NA PAMUMUNO. Sa paglulunsad ng antipyudal na pakikibaka, napakahalaga ng mahusay na taktikal na pamumuno ng Partido.

Sa ilalim ng mahigpit na pamumuno ng Partido sa hakbang-hakbang at sustinidong pagsusulong ng mga antipyudal na pakikibaka ng masang magsasaka, napahina ang pampulitika at pang-ekonomyang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa at komersyante-usurero sa lugar. Makikita ito sa matagumpay at makabuluhan na paghina ng pyudal at malapyudal na mga pagsasamantala at pang-aapi at pangingibabaw na ng kapangyarihang pampulitika ng

mamamayan sa luqar.

Sa proseso ng pagpapatupad ng taktikal na pamumuno ng Partido sa paglulunsad ng antipyudal na pakikibaka sa lugar, mayroong mahahalagang aral na nahalaw ang mga kasama, kapwa mula sa mga positibo at mga negatibong karanasan:

Marapat na may sapat na panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa lugar upang wastong naitatakda ang angkop na mga taktika. May kabuuang pag-unawa ang mga kasama at masa sa pagsusuri sa mga uri at sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala na umiiral sa lugar. Sa gayon, tama sa kabuuan ang naitakdang mga target, layunin, patakaran at naisagawang mga hakbangin.

Ngunit nagkulang sila sa mas masinop na panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa mga uri,

kaya may mga natamaan na hindi na kinailangang matarget at mayroon ding mga mas maigeng hinarap sa pamamagitan ng demokratikong konsultasyon at pagbibigayan sa halip na matinding kumprontasyon.

Tiyaking umaayon sa umiiral na patakaran ng Partido ang anumang taktika sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Mahalaga ito upang matiyak na ang mga taktika ay nakabatay sa mga prinsipyo at patakaran at hindi lamang sa kung ano ang gusto at kayang kamtin.

Sa kabuuan, umayon sa mga prinsipyo at patakaran ng Partido ang

pagsusulong ng antipyudal na pakikibaka sa lugar. Gayunman, nagkaroon ng ilang kahinaan na sa kalakha'y bunga ng pagbatay lamang sa lakas ng organisasyon at pagkilos ng masa at pagkaligta sa ilang aktwal na kalagayan at praktikal na konsiderasyon:

1) May mga kahilingang lumampas sa nararapat. Isa na ang masyadong mataas na sahod ng mga manggagawang-bukid na hiningi mula sa mga mayaman at panggitnang magsasaka. Dahil hindi naisaalang-alang ang pagkamakatarungan ng kahilingan, pumigil ito sa pagsulong ng produksyon sa lugar sa ilang panahon. Sa ilang baryo, hindi nakayanan ng mga mayamang magsasaka at panggitnang magsasaka na umupa ng lakas-paggawa.

Isa pa ang sobrang pagpapababa sa interes sa hangad na pawiin agad ang usura at lubusang



pagkaitan ng tubo ang mga komersyante-usurero. Ito'y sa halip na isagawa ito nang hakbanghakbang. Dahil dito, hindi naeenganyo ang mga usurero na magpautang at nawawalan ng makukunan ng kapital ang mga magsasaka.

2) Hindi rin dapat ginamit ang masyadong kumprontasyunal na paraan sa pakikitunggali sa ilang taktikal na alyado, tulad ng ilang naliliwanagang panginoong maylupa at alyadong komersyante. Sa halip, kailangan ang pagtitimpi sa pakikipagrelasyon at pagpapa-

kahusay sa demokratikong pakikipagkonsultasyon sa mga alyado. Iwasan na hindi masyadong mapahiya sila sa mamamayan sa baryo.

3) Dapat pinag-isa na lamang ang pakikibaka sa mga baryo kung saan iisa ang katunggaling panginoong maylupa, sa halip na isinulong ang mga iyon nang hiwahiwalay at paulit-ulit.

Tiyaking naihanda sa pakikibaka ang kaisipan at organisasyon ng masa. Kailangang tiyakin na alam ng masa kung ano ang isyu, sino ang pangunahin at segundaryong target at ano ang anyo at pamamaraan ng pagkilos.

Sa kabuuan ay mahusay na naisagawa ang tungkuling ito. Nagkaroon lamang ng ilang kahinaan sa aspeto kung saan natukoy ang sumusunod na mahahalagang aral:

1) Kailangang palaging pinaiiral ang malakas na tiwala sa masa. Hayaang yumabong ang inisyatiba ng masa at mapabibilis ang pagpapanday ng mga aktibista at lider masa.

Pinuna ang ilang pagkakataon

kung saan ang ilang kadre at pwersang pultaym sa halip na mga lider masa ang nanguna sa pagharap sa mga target ng hayag na kumprontasyon, tulad ng pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod at pagbaka sa labis-labis na tubong komersyante.

2) Mahalaga ring higit na paunlarin ang pagdaraos ng mga asembleya bilang napakaepektibong paraan ng maramihang tuwiran at demokratikong pagpapalahok sa masa sa pagtalakay sa mga suliranin at pagbubuo ng kapasyahan, at pagkuha ng kani-



lang ideya at pagsang-ayon. Sa ganoon, maiiwasan ang paglilimita sa papel ng masa sa pagpapatupad ng mga desisyon at panawagang ibinababa na lamang sa kanila ng pamunuan ng mga organisasyong masa.

3) Mahalagang nalalagom ang mga karanasan pagkatapos ng bawat partikular na laban, liban pa sa pagtatapos ng kabuuang laban. Layunin nitong makamit ang pagkakaisa ng lahat sa mga positibo at negatibong aral mula sa bawat karanasan upang magsilbing gabay sa susunod pang mga rebolusyonaryong pagkilos.

PAGHANDAAN ANG KONTRA-ATAKE NG KAAWAY. Sadyang mainit sa mata ng kaaway ang mga antipyudal na pakikibaka dahil direktang hinahamon, winawasak at pinapalitan na nito ang kapangyarihang pyudal at malapyudal sa kanayunan at may mahigpit na kaugnayan ito sa armadong pakikibaka. Kaya't sa simula't simula pa

lamang, dapat paghandaan ang posibleng ganting reaksyon ng kaaway, laluna ang paggamit ng pinagsanib na pandarahas ng mga pwersang pyudal at pasista.

Matindi ang mga pinsalang matatamo ng masa kapag hindi sapat na naisasaalang-alang at napaghahandaan ang reaksyon ng kaaway, tulad ng reaksyon nila sa kampanyang antipyudal ng 1979-1981. Dito'y nakipagsabwatan sa mga operasyong militar ang apat sa siyam na panginoong maylupa. Bunga nito, walong lider-magsasaka ang pinaslang at maraming

iba pa ang pinahirapan ng mga pwersa ng militar at mga panginoong maylupa. Sa ilang baryo kung saan naging lubhang matindi ang pananalakay ng kaa-

way, napilitan ang masa na lumikas at tumira sa gubat.

Kailangang naihahanda ang masa sa dapat nilang gawin kung gumanti ang kaaway, kung paano organisadong haharapin ang atake ng kaaway, kung paano pangangalagaan ang seguridad ng mga lider masa at kung ano ang iba pang mga hakbanging pananggalang.

May mga pagkakataong kailangan din ang napapanahong paggamit ng rebolusyonaryong armadong pwersa o aksyong militar upang parusahan ang mga despotikong panginoong maylupa na marahas at aktibong kumakalaban sa kilusang magsasaka.

Nang paisa-isang parusahan ng BHB sa tulong ng rebolusyonaryong masa ang mga sagadsarin at may utang na dugo na panginoong maylupa, nabawasan ang mga nabiktima nila, napahinto at nanyutralisa ang iba pang kaaway sa uri na may tendensyang kumalaban sa rebolusyong agraryo at demokratikong rebolusyon.



Pakikibakang agraryo sa Isabela at Cagayan

## Interes sa pautang napababa, presyo ng mais napataas

ATAGUMPAY ang magkasabay na kampanya laban sa usura at para sa pagpapataas ng presyo ng produkto ng magsasaka sa Isabela at Cagayan.

Mahigit isandaang baryo sa dalawang bayan sa Isabela ang nakinabang sa pagpapababa ng interes sa pautang.

Sa Echague, Isabela, napababa ang interes sa inuutang na binhing palay mula 35% tungong 25% kada anihan. Nakamit ito sa pakikipagdayalogo ng mga magsasaka sa mga komersyante sa sentrong bayan noong Mayo 16 at 20.

Hindi agad napapayag ang mga

komersyante sa iginigiit ng mga magsasaka. Sa unang dayalogo, nagmatigas ang mga komersyante na hanggang 5% lamang ang maaaring ibaba ng kanilang patubo.

Umabot sa 500 magsasaka ang lumahok sa unang pagkilos. Libulibong polyeto ang kanilang naipamahagi at maraming istrimer ang isinabit nila sa mga tabing kalye at mga community center ng sampung baryo. Naglunsad rin sila ng mga pulong masa.

Sinuportahan ng ilang kagawad ng Sangguniang Bayan ang pakikibaka ng mga magsasaka.

Sa bayan naman ng Jones sa parehong prubinsya, nakamit ang 50% pagbaba ng interes sa pakiki-

IBABA ANG

INTERES SA

DAUTANG!

pagdayalogo rin ng mga magsasaka sa mga komersyante noong Mayo 26. Mula sa dating 8% buwanbuwan, 4% na lamang ang patubo ngayon ng mga usurero. Bukod rito, pinayagan na rin ng mga usurero ang mga

magsasakang nangungutang sa kanila na magbenta ng produkto sa ibang komersyante.

Dalawampu't isang baryo naman sa mga bayan ng Baggao at Gattaran, Cagayan ang makikinabang sa matagumpay na pakikibaka para sa pagpapataas ng presyo ng mais at pagpapababa rin ng interes sa pautang.

Napataas ang presyo ng mais mula P6.00 tungong P6.60 kada kilo. Napababa naman ang interes sa pautang mula 5-10% tungong 3% kada buwan.

Apat na komersyante sa Baggao ang tinarget ng kampanyang nagsimula pa noong Marso. Tatlo sa kanila ang tumugon sa kahilingan ng mga magsasaka matapos ang kumprontasyon noong Mayo 6. Bilang parusa, binoykot ng mga magsasaka si Boy Lim, ang komersyanteng hindi pumayag sa kanilang iginigiit.

### 9 sundalo ng 52nd Recon Coy, patay sa kontra-opensiba ng BHB

**S** iyam na elemento ng 52nd Reconnaisance Company ng Philippine Army ang nasawi sa opensiba ng Bagong Hukbong Bayan noong Mayo 4, alas-5 ng hapon sa Sityo Ugis, Agaman Sur, Baggao, Cagayan.

Ang 10-kataong tim ng 52nd Recon Coy ay nagpapanggap na yunit ng BHB habang gumagalugad sa nasabing purok simula pa ng umaga. Bahagi ito ng operasyong militar ng pinagsanib na tropa ng 41st IB, 52nd Recon Coy at 117th PNP-Baggao na nagsimula noong Marso 28.

Layunin ng operasyong ito na hadlangan ang patuloy na paglakas ng kilusang masa para maitaas ang presyo ng produkto ng magsasaka at maibaba ang interes ng pautang. Gayundin, nais nilang wasakin ang lumalawak at dumaraming pwersa ng rebolusyonaryong kilusan.

Matapos mapinsalaan, lalong nagpakawala ng bangis ang mga sundalo ng Philippine Army at tinarget ang mga sibilyan. Sa mga sumunod na araw, nanalasa ang mga sundalo at biniktima ang mga sibilyan:

(a) tinakot at ninakawan ang pamilyang De la Cruz: pilit na isinubo kay Herminio ang kanyon ng baril; tinakot at binugbog si Romeo; at si Analyn, buntis, pinaghinalaang kasapi ng BHB ay kinaladkad at ninakawan pa ng P3,000; (b) kinaladkad at ninakawan ng pitong manok si Pidong Dominsel; (k) tinakot at inakusahang sumusuporta sa BHB si Randy Battala, isang kagawad ng barangay (d) sinikmuraan ang tatlong kabataan ng Agaman Norte matapos mabigong sumunod sa utos ng mga sundalo na sunduin ang isang upisyal ng barangay.

### **Dean Armando Malay**

## Isang patriotiko at demokratikong mamamahayag at tagapagtaguyod ng karapatang-tao

agpupugay ang lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa kay Dean Armando Malay. Si Dean Malay ay naging kasapi ng National Democratic Front noonq dekada 1980. Isa siyang kalayaang tagapagtanggol nq mqa sibil, nangungunang tagapagtaguyod ng kalayaan at katotohanan sa pamamahayag at walang-kupas na simbolo ng patriyotismo. Namatay siya noong Mayo 15 sa edad na 89.

Si Dean Malay ay isang bukal ng inspirasyon at tapang sa ligal na demokratikong kilusan sa mahigit tatlong dekadang paglaban para sa katarungan at karapatang-tao noong panahon ng diktadurang US-Marcos at pagkatapos niyon. Kahanay siya ng mga dakilang antipasista tulad nina Lorenzo "Ka Tanny" Tañada, Sen. Jose "Ka Pepe" Diokno, Joaquin "Don

Chino" Roces at iba pa na nagpamalas ng militansya sa harap ng panlulupig ng pasistang diktadura.

Kabilang si Dean Malay sa mga mamamahayag na nagkamit

ng pinakamataas na respeto mula sa mga kapwa mamamahayag at iba't ibang sektor ng mamamayan. Ibinigay sa kanya ang pinakamatataas na gawad bilang mamamahayag, kabilang ang Lifetime Achievement Award mula sa National Press Club, Outstanding Journalists' Award at Distinguished



## Bihag na sarhento, pinalaya ng BHB

PINALAYA nitong Hunyo 9 ng Ruperto Tuyac Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) si Sgt. Ramiro Lawas ng First Scout Ranger Regiment sa isang di pinangalanang baryo sa Compostela Valley. Ipinasa siya ng BHB sa mga kinatawan ng International Committee of the Red Cross (ICRC), na nagpasa naman sa kanya kina Meyor Rodrigo Duterte ng Davao City, Fr. Roberto Batawan at Sr. Annie Oser ng Diocese of Butuan City.

Si Lawas ay nasugatan at dinakip noong Abril 4, 2002 sa isang matagumpay na ambus ng BHB sa Barangay Nabunga, Boston, Davao Oriental. Halos nalipol ang buong yunit ni Lawas sa pananambang na ito ng magkasanib na pwersa ng 2nd Pulang Bagani Coy at ng Conrado Heredia Command-Front 20. Sampung sundalo ang patay at 12 ang sugatan habang walang kaswalti sa panig ng BHB. Nasamsam sa labanang ito ang walong M16, isang M203 at isang 60 mm *mortar*.

Sa isang panayam sa kanya ng midya, sinabi ni Lawas na ginamot ng BHB ang kanyang mga sugat at mahusay siyang tinrato habang nasa pangangalaga nila. Hindi nila ako tinratong bihag, aniya. Idinagdag din niya na bunga ng tagal ng kanyang pakikisalamuha sa mga Pulang mandirigma, nauunawaan na niya ngayon kung bakit naglulunsad ng rebolusyon ang BHB. "Narito sila para palayain ang

mamamayan mula sa pang-aapi," sabi ni Lawas.

Nagpahayag din ng paghanga si Lawas sa mapagkasamang samahan at pagkakapantay-pantay na nasaksihan niya sa BHB. Partikular niyang pinuri ang proseso ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Aniya, ibang-iba talaga ang BHB sa "burgis na militar." Sinabi rin ni Lawas na maling-mali ang sinasabi ng AFP sa mga sundalo tungkol sa katangian ng BHB.

Bago pinalaya si Lawas, iniulat muna ng militar na nawawala siya at di nagtagal ay itinuring nang patay. Aniya, hindi gaanong nagpursigi ang AFP na hanapin o iliqtas siya.

Ayon kay Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, si Lawas ay pinalaya sa batayang makatao. Dagdag niya, ang pagpapalaya kay Sgt. Lawas at mahusay na pagtrato sa kanya ay pagtalima ng BHB sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), sa Geneva Conventions at iba pang pandaiqdigang makataong batas.

Kabaligtaran ng makataong pagtrato kay Lawas ng BHB, apat na Pulang mandirigmang hors de combat ang sinalbeyds ng militar sa Davao Oriental. Sina Nerio Dioso, 33; Rodrigo Ungayo, 42; Ruben Tanoy, 34; at Ruby Jean Custodio, 21 ay dinakip, pinahirapan at pinatay ng 4th Special Forces Coy sa Sityo Kauswagan, San Isidro, Lupon nitong Hunyo 4.

Leadership in Journalism Award. Noong 1994, isa rin siya sa mga tumanggap ng 10 Outstanding Filipinos Award.

Siya ay naging Dean of Student Affairs sa University of the Philippines noong dekada 1960 at nasa katungkulang ito noong sumiklab ang Diliman Commune, isang malawakang pakikibaka at ilang araw militanteng na pagbabarikada ng mga estudyante sa kampus ng UP sa Diliman noong 1970. Pinuri niya ang estudyante at sinuportahan ang kanilang kilusan. Magmula noon, hindi na nahiwalay sa kanya ang mapagmahal na taguring "Dean."

Nirespeto siva nq estudyante dahil sa kanyang walang pag-iimbot na pagsuporta paglahok noon sa demonstrasyon ng mga estudyante sa loob at labas ng kampus para iprotesta ang mga problema sa eskwelahan at sa lipunan na dulot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Itinuring ni Dean Malay ang aktibismo ng mga estudyante sa harap ng paniniil ng estado na katumbas ng pakikipaglaban ng mga Katipunero sa harap ng paniniil ng kolonyalistang Espanyol.

Nang ipataw ang batas militar noong 1972, sinuportahan niya ang pakikibaka ng mga estudyante at mamamayan para sa pagpapanumbalik ng mga demokratikong karapatan.

Sumanib siya sa iba pang mga sektor na lumalaban sa pasistang diktadura. Tumulong siya sa pagoorganisa at naging tagapangulo ng KAPATID, isang organisasyon ng mga kamag-anak at kaibigan ng mga detenidong pulitikal. Naging Pangalawang Tagapangulo rin siya ng SELDA, isang organisasyon ng

mga dating detenidong pulitikal.

Isa si Dean Malay sa mga naging patnugot ng WE Forum, ang unang pahayagang bumasag sa pagpapatahimik at monopolyo ng pasistang diktadura sa masmidya, tuluy-tuloy na naglantad sa mga pang-aabuso at kasinungalingan diktadurang Marcos nα naggumiit na makalabas sa kabila puspusang pagsisikap diktadura na sikilin ito. Ikinulong si Dean Malay, kasama ang iba pang nasa patnugutan at istap ng WE Forum, at sinampahan ng kasong subersyon noong 1982 dahil sa kanyang mga isinusulat laban sa diktadura kabilang ang paglalantad sa pahayagan ang pagiging peke ng 27 medalya ni Marcos.

Ni isang saglit ay di nawala ang diwang mapanlaban ni Dean Malay.

### Lubos na pinahahalagahan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga ambag ni Dean Malay sa rebolusyonaryong kilusan.

Oras na makalabas sa piitan, kapiling niya ang mga demonstrador na sumisigaw ng pagpapalaya sa lahat ng mga bilanggong pulitikal at pagwawakas sa diktadurang Marcos. Nang pinaslang noong 1983 ang karibal ni Marcos na si Sen. Benigno Aquino, kasama si Dean Malay sa milyun-milyong mamamayang dumagsa sa lansangan para ipaglaban ang karapatan sa pamamahayag at kalayaan ng sambayanan. Isa siya sa mga namuno sa Nationalist Alliance for Justice, Freedom and Democracy (NAJFD) noong 1984, isang nagkakaisang prente ng mga demokratiko

at patriyotikong pwersang lumalaban sa diktadurang Marcos.

Nagtulungan din sila ni Felixberto "Ka Bert" Olalia ng Kilusang Mayo Uno sa pamumuno sa alyansa para sa pagtataguyod ng karapatan ng mga manggagawa at magkatuwang silang naging tagapangulo ng National Alliance for the Protection of Workers Rights.

Mayroong malalim na pagunawa si Dean Malay sa pangangailangang makibaka para sa pambansang kalayaan. Hanggang kaya ng kanyang katawan, lumahok si Dean Malay sa mga talakayan, protesta at demonstrasyon laban sa mga base militar ng US hanggang noong matagumpay na naisara ang mga ito noong 1991.

Sumapi si Dean Malay sa National Democratic Front, kabilang ang ilan pang prominenteng patriyotiko at demokratikong propesyunal, at aktibong lumahok sa mga pulong, talakayan at pagaaral. Buung-buo niyang sinuportahan ang paninindigan at pagkilos ng kanyang asawa, ang nauna nang yumaong si Paula Carolina "Ka Ayi" Malay, at mga anak at manugang nila para sa pambansademokratikong rebolusyonaryong kilusan.

Kabilang si Dean Malay sa sumuporta sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992 at aktibong naghikayat sa mga kasama na yakapin at isulong ito.

Lubos na pinahahalagahan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga ambag ni Dean Malay sa rebolusyonaryong kilusan. Malalim ang pakikipagkaibigan ng Partido Komunista ng Pilipinas kay Dean Armando Malay. Ang pagkakaibigang ito ay habampanahong pahahalagahan at aalalahanin ng mga rebolusyonaryong Pilipino.



## Mga bulaan, ibayo nang nalalantad at itinatakwil

along tumatampok ang sukdulang iligalidad at imoralidad ng gerang agresyon sa Iraq at pagkakahiwalay sa mamamayan ng mga lidergubyernong nagtulak at sumuporta rito.

Bunga ito ng patung-patong nang patunay na tahasan nilang nilinlang ang kani-kanilang mga mamamayan at a ang buong mundo hinggil sa pagkakaroon ng Iraq ng weapons of mass destruction (WMD), ang batayan ng pagsalakay sa bansa. Tumatampok ito ngayon bilang pinakamalaking kasinungalingan ng mga namumuno sa US at United Kingdom mula noong Iskandalong Watergate na nag-obliga sa presidente noon ng US na si Richard Nixon na magbitiw sa katungkulan.

May mga panawagan na para sa *impeachment* ni US

President George W. Bush. Nitong Hunyo, sisimulan na sa kongreso
ng US ang imbestigasyon sa malawakang panlilinlang ng kanyang
rehimen at ng CIA. Pinagpipistahan na rin ito ng dumarami niyang
kalaban sa pulitika. Sa UK, sinimulan na rin sa parlamento ang
imbestigasyon sa mga anomalya ng ulat paniktik na ginamit ni
Blair.

Nahihiwalay na rin sina President Jose María Aznar ng Spain at Prime Minister John Howard ng Australia. Partikular sa Spain, natalo ang partido ni Aznar sa katatapos lamang na eleksyon para sa parlamento. Hudyat na rin ito ng napipintong pagtatakwil sa kanya ng mamamayan sa susunod na halalan.

Unti-unti na ring inaabandona sina Bush, Blair at Howard ng ilan sa kanilang mga upisyal na umiiwas nang madamay sa pagkakalantad ng mga kasinungalingan at lumalakas na pagbatikos sa kanila. Sa US, karamihan sa mga nagbitiw ay katulad nina Press Sec. Ari Fleischer at ilang upisyal ng State Department na direktang sangkot sa paghahabi ng mga kasinungalingan sa midya at sa publiko. Kabilang rin sa mga nagbitiw nang upisyal si Gen. Tommy Franks, kumander ng mga tropang Amerikano na sumalakay sa Irag.

Sa UK, mahigit 70 mula mismo sa partido ni Blair ang kumakalaban na sa kanya. Nagbitiw si Godric Smith, tagapagsalita ni Blair. Una rito, nagbitiw na si Robin Cook, lider ng House of Commons at dating UK Foreign Secretary; Clare Short, International Development Minister; at iba pang upisyal sa gabinete ni Blair. Nagbanta ring magbitiw ang mga hepe ng MI-6 at MI-5, mga pambansang ahensyang paniktik ng UK.

Sa Australia, nagbitiw si Andrew Wilke, senior intelligence analyst ng Office of National Assessments (pambansang ahensya sa paniktik). Dumidistansya na rin si Prime Minister John Howard sa sagadsagarang pagsuporta sa gera sa Iraq. Aniya, hindi niya alam na palsipikado ang mga datos nina Bush at Blair at kabilang lamang ang kanyang gubyerno sa mga nalinlang ng US at UK.



## Marami pang palsipikasyon

I sa sa pinakatampok na kasinungalingang labis na ikinagagalit ng mamamayan laluna sa mga bansang nakaladkad sa gera ay ang mga palsong ebidensyang ipinanakot ni Bush tungkol umano sa paggawa ng Iraq ng mga armas nukleyar.

Sa kanyang State of the Union Address noong Enero, idineklara ni Bush na napatunayan nila ang pagbili ng Iraq mula pa noong 2001 ng malaking kantidad ng *uranium* mula sa Niger, isang bansa sa kanlurang Africa. Ang *uranium*, pangunahing sangkap sa paggawa ng armas nukleyar ay ginagamit umano ng Iraq sa paggawa ng mga armas nukleyar laban sa US. Inilakip din ito ni Blair sa *dossier* na ihinanda ng kanyang gubyerno upang maghasik ng takot sa publiko at mabigyan sila ng pahintulot na kaagad na salakayin ang Iraq.

Subalit ayon sa CIA, maagang bahagi pa lamang ng 2002 ay napatunayan na nilang hindi ito totoo. Kagyat itong ipinaabot ng CIA kay Vice Pres. Cheney at sa mga kinauukulang



ahensya at departamento ng qubyernong US. Hindi lamang ito binalewala, ginamit pa nina Cheney ang palsong impormasyon sa talumpati ni Bush at ginawang sangkalan para igiit ang paggera sa Irag.

Noon pa mang Setyembre 2002, naglabas na ang US Defense Intelligence Agency (DIA) ng lihim na pagtatasa na nagsasaad na "walang masasaligang impormasyon kung qumagawa at nag-iimbak nga ng mga kemikal na sandata" ang Iraq. Itinago ng White House ang impormasyong ito at inutusang manahimik ang mga gumawa ng pagtatasa. Sa kabila nito, tahasang sinabi ni Bush at Rumsfeld sa kongreso ng US na may lihim na imbak si Saddam Hussein malalaking kantidad ng mga armas kemikal, kabilang ang VX, sarin, cyclosarin at mustard gas.

Sa huling mga araw bago ang pagatake ng US sa Irag, lubhang naging desperado na ang rehimeng Bush na makapaqpalitaw kahit paano ng ebidensya ng pagkakaroon ng Irag ng WMD. Kaya't isang lihim na yunit kumando sa ilalim ng Delta Force ng US Army Special Operations Forces and ipinadala ng Pentagon sa Irag para qaluqarin ito at maghanap ng WMD.

Ang yunit, na tinatawag na Task Force 20, ay pinapunta sa Iraq bago pa man pumutok ang gera. Ginalugad nila ang malaking bahagi ng Irag, subalit wala silang natagpuan. Ayon sa kanilang ulat, sa dinami-dami ng kanilang napuntahang mga bodega, nakumpiskang armas at nadukot na mga siyentistang Iragi na sangkot umano sa paggawa ng WMD, wala silang nakitang patunay na may lihim na biological, kemikal o nukleyar na sandata ang rehimen ni Saddam Hussein.

Inilihim din ng rehimeng Bush at Pentagon ang ulat ng Task Force 20 ngunit sa kalauna'y naisiwalat din ito sa publiko.

## Paglaban sa US, lumalawak sa Iraq at Afghanistan

NO TO U.S.

ng US mula sa masamang → hangin na itinanim nito sa Iraq at Afghanistan. Sa halip na makamtan ang istabilidad at seguridad para sa mga interes nito, nahaharap ngayon ang US sa lumalawak na galit at paglaban ng mamamayan mula nang sakupin nito ang dalawang hansa.

SA IRAQ. Umiigting ang paglaban ng mga Iragi sa mga

tropang Amerikanong umookupa nqayon sa kanilang bansa. Hindi kagalakan kundi malawakan at matinding galit anq nadarama nila sa pagsalakay at pagsakop ng US sa Iraq, bagay na kumitil na sa buhay ng mahiqit 7,000 sibilyang Iragi.

Ayon sa mga di kumpletong ulat, mahiqit 40 nang tropa ng US ang namamatay mula noong Mayo sa paglaban ng mga Iragi sa mga pwersang mananakop. Nitong unang tatlong linggo pa lamang ng Hunyo, 13 sundalong Amerikano ang namatay at ilampu ang nasugatan.

Pangkaraniwang pangyayari na ang pagpapaputok sa mga convoy ng US sa mga lugar sa paligid ng Baghdad tuwing gabi. Koordinado at organisado ang mga atake, na kinatatangian ng pagpapaputok ng mga Iragi ng

uhawi ang inaani ngayon flares sa dilim bilang hudyat ng paqdaan nq mga tropang Amerikano. Sinusundan ito ng mga ambus. Pinapuputukan din ang mga tsekpoynt ng US at mga nagpapatrolyang sundalo. Noong Hunyo 12, pinabagsak ng mga Iragi ang isang helikopter na AH-64 ng US.

> Dahil sa di inaasahang tindi ng paglaban ng mamamayang Iraqi, sunud-sunod na operasyong militar ang inilulunsad ng

> > US laban sa kanila. Di bababa sa 27 Iraqi ang napatay sa isang operasyong militar noong Hunyo 12, kabilang ang limang magsasaka na walang patumanggang pinaputukan ng mga sundalong Amerikano sa kanilang pastuhan.

ngayong Para mga bulag na tumitira sa di nakikitang ka-

away ang US. Inilunsad noong Hunyo 7 and Operation Peninsula Strike kung saan mahigit 370 katao ang inaresto. Nitong Hunyo 15 naman, inilunsad ang Operation Desert Scorpion kung saan halos 400 katao ang dinakip sa 47 reyd na isinagawa ng mga sundalong Amerikano sa Tikrit. Kirkuk at Baghdad. Marami sa mga inaresto ay mga inosenteng sibilyan, bagay na lalong ikinagagalit ng mga Iragi.

Tanda ng palabang aktitud sa US ng mga Iragi, halos walang tumuqon sa dalawang-linggong



palugit na ibinigay ng US para isuko ng mga Iraqi ang hawak nilang mga armas.

Tinataya ngayong aabot sa 200,000 tropa ang kakailanganin para imantine ang okupasyon, mula sa bilang na 160,000 sundalong Amerikano at British na nasa Iraq ngayon.

**SA AFGHANISTAN.** Tuluy-tuloy na hindi mapanatag ang mga pwersa ng US sa kanilang okupasyon sa Afghanistan sa kabila ng mahigit isa't kalahating taon na nilang pagsakop at pagpupwesto rito ng isang papet na rehimen.

Bukod sa mga rali laban sa pang-aabuso ng mga tropang okupasyon ng US sa mga sibilyan, patuloy ang mga armadong atake kapwa sa mga sundalong Amerikano at mga pwersa ng papet na rehimeng Karzai.

Nitong Hunyo 3, sinalakay ng mahigit 100 gerilyang Afghan ang mga pwersang milisya ng qubyernong Karzai sa prubinsya Kandahar, malapit hangganan ng Afghanistan at Pakistan. Nagpatuloy ang labanan hanggang kinabukasan. Ayon sa mga ulat, siyam na papet na pwersa ang namatay at anim ang nasugatan sa pag-atakeng ito. na ang pinakamalaking pagsalakay sa mga pwersa ng gubyerno mula noong Abril, kung saan 28 umanong pwersa ng Taliban ang namatay sa labanan sa prubinsya rin ng Kandahar.

Matindi ang ganting-salakay ng papet na gubyernong Karzai. Sa labanan noong Hunyo 3-4, kabilang sa sinasabing 40 gerilyang Taliban na namatay ay mga sibilyan na pinagpapatay ng pwersa ng gubyerno nang umatras ang Taliban sa kanilang lugar.

### Kasakiman ng G8 sa Africa

ayaman sa maraming natural na rekurso ang kontinente ng Africa ngunit lugmok ito sa kalunus-lunos na kahirapan at kaapihan. Sa mahabang panahon, kolonya o malakolonya ng mga imperyalistang bansa gaya ng UK, Russia, France, Belgium at Italy ang maraming bansa rito.

Ilang siglong dinambong at hinuthot ng mga dambuhalang imperyalistang negosyo ang kanilang likas na yaman gaya ng langis, diamante, ginto at iba pang mineral.

Dahil dito, umaabot na ngayon sa 300 milyon mamamayan ang nabubuhay sa kulang sa isang dolyar kada araw at mahigit 28 milyon ang may HIV/AIDS. Apatnapung porsyento ng mga bata ay di nakakapag-aral at 200 milyon ang dumaranas ng malnutrisyon. Sa pag-uudyok na rin ng mga imperyalista, laganap ang mga gerang etniko at daandaang libo ang napupwersang magbakwit.

Dahil sa tumitinding krisis at kaapihan, muling lumalakas ang mga kilusan para sa pagbabago sa buong Africa. Iba't ibang adhikain ang ipinaglalaban ng mga ito, mula sa mga kilusan laban sa rasismo hanggang sa mga kilusan para sa rebolusyonaryong pagbabago ng lipunan.

Sinubukang buhusan ng malamig na tubig ng walong pinakamayayamang imperyalistang bansa ang lumalakas na pagaalsa at pag-oorganisa ng mga mamamayan. Sa huling pulong ng G8 noong Hunyo 1-3 sa France, inilagay nilang isa sa mga pangunahing adyenda ang kala-

gayan ng Africa. (Ang G8 ay binubuo ng US, UK, Germany, France, Italy, Canada, Russia at Japan.)

Gaya ng dati, pinangakuan nila ang 53 bansa ng Africa ng suportang pang-ekonomya at panlipunang kagalingan. Itinatag at inimbitahan ng G8 ang New Partnership for African Development (NEPAD) na ituturing ng mga bansa sa G8 na kinatawan ng buong Africa.

Walang ibang ibinigay ang G8 sa NEPAD kundi mga pangako at ayudang nakagapos sa liberalisasyon at globalisasyon. Sa kahayukan nito sa kayamanan ng Africa, pinupwersa ng G8 ang mga bansa rito na ibayong buksan ang kanilang mga ekonomya at kalupaan sa imperyalistang pandarambong at pagsasamantala sa ilalim



ng "globalisasyon". Ito ay sa kabila ng laganap na kagutuman at malahayop na kundisyong dala ng ilang taon nang pananalanta ng globalisasyon at liberalisasyon sa kanilang mga ekonomya.

Ni hindi magawa ng G8 na bawasan man lamang ng katiting ang nakalulunod na mga utang ng mga bansa sa Africa. Aabot sa mahigit \$2.5 trilyon ang utang ng mga bansa sa Africa. Walumpung porsyento nito ay utang mula sa mga imperyalistang institusyon katulad ng IMF at World Bank.

Itinutulak din ng G8 ang pagbebenta ng mamahaling mga gamot sa halip na bawasan ang mga restriksyon sa patent ng mga tradisyunal na gamot na ninakaw lamang ng mga dambulahang kumpanya sa mayamang kagubatan ng Africa. Dahil sa kasakimang ito, laganap ang malarya, TB at polio. Bukod rito, dumarami ang namamatay sa mga simpleng sakit dahil wala nang resistensya ang mga may malnutrisyon.

Kasakiman din ang pangunahing nagtulak kay US President Bush na mag-alok ng \$15 bilyong ayuda sa pagsisikap na sugpuin ang AIDS sa Africa. Ang makikinabang lamang dito ay ang mga dambuhalang kumpanyang pharmaceuticals na nagbebenta ng napakamahal na gamot laban sa AIDS. Dagdag dito, itinali ni Bush ang kanyang ayuda sa pagsanqayon ng Africa na magpagkain angkat nq pananim na geneticallymodified.

#### Mga protesta sa anibersaryo ng CARP, inilunsad

GINUNITA ang ika-15 anibersaryo ng huwad at inutil na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) sa pamamagitan ng mga aksyong protesta sa Maynila at iba pang dako ng bansa.

Isang linggong aksyong protesta ang isinagawa ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa pambansang tanggapan ng Department of Agrarian Reporm (DAR). Iginigiit nila na bumaba na sa poder si Pres. Gloria Macapagal-Arroyo dahil sa laganap na pang-aagaw ng mga lupa at matinding militarisasyon.

Nagkaroon din ng mga kilos protesta sa Iloilo City, Cebu City, Bacolod City, City of San Fernando sa Pampanga at iba pang mga lugar. Noong Hunyo 2, nakipagdayalogo ang mga kasapi ng Alyansa ng Magbubukid sa Bulacan (AMB) kay DAR Sec. Roberto Pagdanganan tungkol sa laganap na agawan ng lupa sa kanyang probinsya.

### Mga rali laban sa PPA sa Panay at Negros, idinaos

NAGLUNSAD ng mga aksyong protesta sa Panay laban sa power purchased adjustment (PPA) kasabay ng paggunita ng "Araw ng Kalayaan" nitong Hunyo 12.

Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at ng Archdiocese ng Jaro, Iloilo, nagtipon ang 4,000 demonstrador sa Iloilo City. Maliban sa isyu ng PPA, binatikos sa rali ang planong pagbabago sa konstitusyon ng 1987.


Nagdaos ng gayon ding mga aktibidad sa Roxas City, Capiz at Kalibo, Aklan. Sa Bacolod City, nanawagan si Bishop Vicente Navarra na ibasura na ang PPA at Electric Power Industry Reform Act (Epira).

### Bagong koalisyon laban sa "chacha," binuo

BILANG tugon sa panawagan ni Vice President Teofisto Guingona, binuo nitong Hunyo 12 ang isang bagong koalisyon ng 36 na organisasyon upang tutulan ang mga pagbabago sa saligang batas ng bansa. Isang manipesto ang kanilang nilagdaan sa Club Filipino na pinamagatang "Preserve, Protect and Promote National Patrimony."

"Preserve, Protect and Promote National Patrimony."

Ilan sa mga organisasyong nakiisa ay ang Council of
Philippine Affairs, Plunder Watch, Bayan Muna, Free
Trade Alliance, BAYAN, Silent Protest Movement at Bagong Bandila.



### RPA nanggahasa, protektado ng gubyerno

BINATIKOS ng mga militanteng grupo sa Negros ang ibinibigay na proteksyon ng reaksyunaryong gubyerno sa mga elemento ng RPA-ABB na dumukot at nanggahasa sa isang 15 taong gulang na babae.

Ang biktima ay kinidnap ng isang yunit ng RPA sa pamumuno ni Jecky "Maitan" Casiple mula sa kanyang pinagtatrabahuang restawran sa Silay City, Negros Occidental noong Mayo 11. Mula rito ay dinala siya sa isang palaisdaan sa Talisay City na nagsisilbing *safehouse* at *armory* ng RPA, kung saan siya pinahirapan at ginahasa.



### Mga biktima ng pagsabog sa barko, ginigipit ng POEA


Pinaaatras ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA) sa mga pamilya ng siyam na seaman na biktima ng pagsabog ng barko ang kanilang demanda laban sa may-ari ng barko. Ang mga seaman ay kabilang sa anim na namatay at limang nasugatan nang sumabog ang boiler room ng barkong Norway noong Mayo 25 habang papadaong ito sa Miami, Florida sa US.

Ayon sa abugado ng mga seaman, binalaan ng POEA ang mga biktima na hindi sila bibigyan ng tulong para sa pagpapalibing kung itutuloy nila ang demanda laban sa Norway.

### Mga iskandalo sa simbahan, tinuligsa

TINAMAAN nitong mga huling araw ang simbahang Katoliko ng sunud-sunod na iskandalo hinggil sa sexual harassment. Inakusahan ang ilang upisyal ng simbahan ng paggamit sa kanilang nakatataas na pusisyon para pagsamantalahan ang kanilang mga biktima. Kabilang sa mga pinuno ng simbahan na sinentruhan ng kontrobersya ay sina Bishop Teodoro Bacani, Crisostomo Yalung at Teodoro Buhain.

Sa harap ng mga kontrobersyang ito, ihinarap ni Fr. Joe Dizon ng Kairos, isang makamasang samahan ng mga Katoliko, ang mas malalaki pang mga iskandalo at problemang panlipunan na dapat binibigyang-pansin ng simbahan. Kabilang dito ang mataas na gastusin sa edukasyon, mababang sahod at kawalan ng lupa.



## Paglikha ng armas nukleyar, ipinagtanggol ng North Korea

INIHAYAG na ng North Korea na may programa ito sa paglikha ng mga armas nukleyar. Ayon sa pahayag ng gubyerno noong Hunyo 9 ang layunin sa pagkakaroon ng nukleyar na pamigil ng atake ay upang makapagbaas ng mga kum-

bensyunal na sandata at paliitin ang hukbo. Layunin umano nitong "mailaan ang lakas-tao at mga pondo para sa konstruksyon ng ekonomya at pagpapabuti sa kabuhayan ng mamamayan."

Patuloy na binabatikos ng North Korea ang bantang pananalakay ng US sa bansa. Tinuligsa ng *Rodong Shinmun*, upisyal na pahayagan ng gubyerno, ang plano ng US na ilipat palayo sa *demilitarized zone* ang mga tropang Amerikano sa Korean Peninsula at magbigay sa South Korea ng \$11 bilyong halaga ng kagamitang pandigma.

Palatandaan umano ito na pinag-iibayo ng US ang paghahanda para salakayin ang North Korea.

#### Lider oposisyon sa Myanmar, muling ikinulong

PATULOY na nakakulong sa isang kampong militar si Aung San Suu Kyi, nangungunang lider oposisyon sa Myanmar (dating Burma, isang bansa sa Southeast Asia). Si Suu Kyi ay muling dinakip noong Mayo 30 nang guluhin ng mga tagasuporta ng gubyerno ang isang rali ng oposisyon. Pinangangambahang patay na ang iba pang lider oposisyon.

Nanalong presidente si Suu Kyi sa halalan noong 1990 ngunit hindi ito iqinalang ng militar ng Myanmar at sa halip ay ipinakulong pa siya.

## Pagpapawalambisa sa batas ng Begium laban sa krimen sa digma, iginigiit ng US

PINIPILIT ng US na ibasura ng Belgium ang batas nito na nagpapahintulot na litisin sa bansa ang mga krimen laban sa sangkatauhan saan mang dako ng mundo ito ginawa, sinuman ang gumawa nito. Ito'y sa kabila ng malaki nang pagpapalabnaw dito bilang konsesyon sa US. Batay sa ginawang amyenda noong Abril, maaari nang mailipat ang paglilitis sa sariling bansa ng isang akusado kung mayroong sistemang ligal doon na "maayos na makahaharap sa kaso."

Dahil sa pagpapalabnaw na ito, ang mga isinampang kaso nitong Hunyo 18 laban kina US Pres. George W Bush, UK Prime Minister Tony Blair at mga nangungunang upisyal ng US na sangkot sa pananalakay sa Iraq at Afghanistan ay agad na ipinasa na sa US, kung saan tiyak na mababalewala ang kaso.

Gayunpaman, kahit simboliko na lamang ang kabuluhan ng batas, ikinagagalit pa rin ito ng US dahil daluyan pa rin ito sa paglalantad ng kanilang mga krimen laban sa sangkatauhan. Binalaan ni US Defense Sec. Donald Rumsfeld ang gubyerno ng Belgium na hindi aaprubahan ng US ang pagpopondo ng bagong hedkwarters ng NATO sa Belgium kung hindi maibabasura ng batas.

Taon XXXIV Blg. 10 Hunyo 21, 2003 www.philippinerevolution.org

# Arroyo, kandidato ng imperyalismong US sa eleksyong 2004

Parami nang parami ang palatandaang naghahanda na si Gloria Macapagal-Arroyo na tumakbo sa halalan sa 2004. Nagmamadali ngayon ang kanyang mga tauhan sa Malakanyang at mga kaalyadong pulitiko sa paghahanda sa posibleng pagkandidato niya sa pagkapresidente. Lalong lumalaki ang posibilidad nito laluna ngayong nauubos na ang panahon bago ang eleksyon para maihabol ang mga pagbabago sa konstitusyon na siyang pangunahing inaasahan sana ni Arroyo para makapanatili pa sa poder.

Pinalilitaw ng Malakanyang na may lumalakas na kahilingan para magpatuloy si Arroyo bilang presidente. Tuwirang kinokoordina ng asawa niyang si Mike Arroyo ang iba't ibang mga kampanya at pakana para sa kanyang pagtakbo. Isa na rito ang pagpapapirma ng petisyong tumakbo si Arroyo. Ginagamit niya ang makinarya at pondo ng Malakanyang upang makuha ang suporta ng mga pulitiko at lokal na upisyal at mapakilos sila sa kampanya.

Maging ang negatibong pagtaya sa ekonomya ng isang dayong ahensya (ang Fitch Ratings ng UK) ay pinalalabas nasa pangambang hindi magpatuloy ang mga patakarang pang-ekonomya kung hindi tumakbo si Arroyo.

Kabilang din sa mga pakana ng kanyang mga propagandista ang labis na pagpapalaki sa umano'y pagpabor ng mga pinuno ng iba't ibang bansa at ng malalaking komprador na magpatuloy bilang presidente si Arroyo. Ipinagmamayabang din ng Malakanyang na magandang bagay ang magarbong pagsalubong ni US President George W. Bush sa pagdalaw ni Arroyo sa White House noong Mayo, ang pagturing ng US sa Pilipinas bilang "mayor na



eendorso ni Bush sa pagkandidato ni Arroyo sa darating na eleksyon.

Malinaw na para sa rehimen, ang pinakamalaking salik para sa pagkandidato ni Arroyo sa darating na eleksyon ay ang pinalalaking pag-endorso sa kanya ni Bush.

Sadyang paborable para sa imperyalismong US na manatili sa poder si Arroyo. Ang ipinamamalas ni Arroyo na lantaran at walang patumanggang

Mga tampok sa isyung ito...

Mahahalagang aral sa rebolusyonaryong agraryo sa Samar

PAHINA 4

Bihag na sarhento, pinalaya ng BHB PAHINA 8 Paglaban sa US sa Iraq at Afghanistan

PAHINA 11